

PATAKARAN SA PAGBILI NG SERBIYO

Serbisyo ng Pagsasanay at Suporta sa American Sign Language Kodigo ng Serbisyo 644

[MAIKLING PAGLALARAWAN]

Ang mga kasanayan sa magagamit na komunikasyon, kabilang ang komunikasyon ng pagpapahayag at pag-unawa gamit ang American Sign Language (Wikang Pasenyas ng Amerika, ASL), ay mga kasanayang mahalaga para sa mga indibidwal na hindi nakakarinig, mahina ang pandinig o hindi nakakarinig/hindi nakakakita. Ang kakayahan na epektibong makipag-usap sa iba ay nagpapahusay sa kakayahan ng mga indibidwal na matugunan ang mga kagustuhan at pangangailangan, ma-access ang komunidad, at bumuo ng mga ugnayan, bukod sa iba pang mahahalagang tungkulin sa buhay.

Ang Serbisyo ng Pagsasanay at Suporta sa ASL ay dapat ibigay ng mga kwalipikadong kawani (tinutukoy bilang pagkamit ng "Napakahusay" na antas ng katatasan sa pagsusulit sa Kahusayan sa ASL). Ang serbisyong ito ay idinisenyo upang mapahusay ang mga kasanayan ng mga indibidwal sa magagamit na komunikasyon habang binabawasan ang pagdepende sa mga karatula sa bahay sa pamamagitan ng paggamit ng pormal na ASL.

[MGA PAMANTAYAN]

Mayroong Serbisyo ng Pagsasanay at Suporta sa ASL para sa mga bata at nasa hustong gulang. Bukod sa pagsasanay at suporta para sa mga indibidwal, maaaring gamitin ang serbisyong ito upang sanayin ang mga direktang propesyonal sa suporta at mga miyembro ng pamilya habang naroon ang indibidwal, upang itaguyod ang higit pang pag-unawa sa kultura at wika sa natural na kapaligiran. Maaari ring makipagtulungan ang mga serbisyong ito sa mga indibidwal at tagapagbigay ng serbisyo upang maisama ang paggamit at pag-aaral sa pamamagitan ng mga Alternatibong Augmentative Communication device, mga online na mapagkukunan para sa ASL, at online na nilalaman tungkol sa ASL upang mapaigting ang pakikipag-ugnayan, ang lahat ng ito ay habang natututunan ang ASL.

Ang mga serbisyo ng Pagsasanay at Suporta sa ASL ay hindi idinisenyo upang palitan ang anumang iba pang mga serbisyo, kabilang ang pangangalaga at pagbabantay. Dapat itong gamitin upang mapabuti ang komunikasyon sa pagitan ng mga tagapagbigay ng serbisyo o mga miyembro ng pamilya at ng taong tumatanggap ng mga serbisyo. Hindi papalitan ng serbisyong ito ang pangangailangan para sa pormal na serbisyo ng interpretasyon.

Malalaman sa proseso ng IPP/IFSP batay sa indibidwal ang antas ng pangangailangan para sa Serbisyo ng Pagsasanay at Suporta sa ASL.

[Ilagay ang Wika ng Patakaran sa Pagbubukod ng Regional Center]

(Tagalog)